

Ang Pakikidigma ng mga Antiqueño Laban sa mga Amerikano (1898-1901)

Alberto T. Paala, Jr.

Sa paglaganap ng Himagsikan noong 1896, may papel na ginampanan ang mga Antiqueño upang mapalaya ang bayan mula sa kamay ng mga mananakop. Ang kanilang pakikisangkot sa digmaan ay hindi nawalan ng saysay sapagkat matagumpay na natalo ng hukbong Filipino ang mga kalabang Espanyol sa bansa. Gayumpaman, ang tagumpay na ito ay panandalian lamang sapagkat humarap muli ang mga Filipino sa bagong hamon na dala ng mga Amerikano. Sa pagkakataong ito hindi nagsawalang-kibo ang mga mamamayan ng Antique at muling nanindigan upang ipagpatuloy ang kanilang katungkulang ipaglaban ang bayan sa mga kaaway na Amerikano.

Kung babalikan, ang pagsusumikap ng mga Antiqueño laban sa mga Espanyol ay nagtagumpay dahil na rin sa pagkakaisa ng mga mamamayan sa pamumuno ni Heneral Leandro Fullon sa lalawigan. Si Hen. Leandro Fullon ay ipinanganak noong Marso 13, 1877, panganay nina Don Justo Gorero Fullon, isang cabeza de barangay at Doña Justa Gerona Locsin ng Hamtic, Antique. Nagtapos ng elementarya sa lalawigan, nagpatuloy sa Ateneo Municipal at sa bandang huli lumipat siya sa Colegio de San Juan de Letran. Hindi na niya natapos ang kaniyang pag-aaral sapagkat humina ang ani ng kaniyang mga magulang sa probinsiya. Sa bandang huli napangasawa niya si Petra, anak ng isang makapangyarihang pamilya sa Binondo noon. Nagkakilala ang dalawa sa Intramuros sa selebrasyon ng *La Naval*.

Sa kaniyang pag-aaral sa Letran, nagkakilala sila ni Hen. Emilio Aguinaldo at ng iba pang lider ng rebolusyon (Quiason 1989, 197). Ito ang dahilan kung bakit sa pagsiklab ng rebolusyon laban sa mga Espanyol ipinadala si Hen. Fullon sa Antique ni Hen. Aguinaldo noong Agosto 30, 1898 upang pamunuan ang mga mamamayan laban sa mga Espanyol (Villan 1998, 90). Sa kaniyang pagdaong sa Antique, agad na pinagkaisa ni Hen. Fullon ang hanay ng mga mamamayan upang mas lalong paigtingin ang pakikidigma laban sa mga Espanyol.

Sinundan ito ng sunod-sunod na sagupaan ng magkabilang kampo hanggang sa maitaboy ng mga tauhan ni Fullon ang mga Espanyol sa San Jose noong Nobyembre 23, 1898. Sa nasabing pagkubkob, tumakas si Gobernador Castro Verde kasama ang kaniyang mga tropa papuntang Iloilo (Quiason 1989, 198). Ganap na nakuha ng mga rebolusyonaryo ang San Jose noong Nobyembre 25, 1898 (Villan 1998, 91-92). Ang nasabing tagumpay ay panandalian lamang sapagkat dumating